

Ang Orange County Power Authority (OCPA) ay isang independent, lokal na pinapamahalaan, at not-for-profit na provider ng Community Choice Energy (CCE), na naghahatid sa mga negosyo at residente ng mas malinis na enerhiya at mga competitive na rate.

Sa pamamagitan ng pagsama sa milyun-milyong Californian na nakikinabang na sa mga programa ng CCE, madadala natin ang ating komunidad patungo sa isang sustainable na hinaharap, na lalong magpapatatag sa atin, gagawin tayong mas independent, at ilalayo tayo sa sakit.

### ANG KAPANGYARIHAN NG COMMUNITY CHOICE ENERGY:

- **MAS MALINIS NA KURYENTE SA MGA COMPETITIVE NA RATE**
- **PAG-REINVEST NG KITA SA ATING KOMUNIDAD**
- **LOKAL NA KONTROL NG MGA LIDER SA KOMUNIDAD**

Simula sa Oktubre 2022, OCPA na ang iyong magiging lokal na provider ng renewable na enerhiya, na magbibigay sa iyo ng kontrol sa kung gaano karaming renewable na enerhiya ang gagamitin ng sambahayan mo.



### SOURCE

Bumibili ang OCPA ng kuryente sa mga tradisyonal at renewable na resource.

### PAGHAHATID

Inihahatid ng SCE ang kuryente at pinapanatili nito ang grid.

### CUSTOMER

Customer ang pipili kung gaano karaming renewable na enerhiya ang gagamitin— 100% Renewable Choice, Smart Choice, o Basic Choice.

Para sa higit pang impormasyon at para tingnan sa: 中文, 한국어, Español, Tiếng Việt, فارسی, Tagalog, 日本語 bisitahin ang [OCPower.org/notices](https://ocpower.org/notices) o tumawag sa **1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693)**

### Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo

**Mga Rate** Ang mga rate ng pag-generate ng kuryente ng Orange County Power Authority ay nakatakdang magbigay ng mas malinis na kuryente sa mga competitive na rate. Puwedeng magbago ang mga rate ng OCPA. Ang mga pagbabago sa mga rate ay pagtitibayin sa mga pampublikong meeting na may abiso ng Board of Directors ng OCPA. Makakaapekto ang mga pagbabago sa mga rate ng OCPA o Southern California Edison sa paghahambing ng gastusin sa pagitan ng OCPA at SCE. Sisingilin ng SCE ang mga customer ng OCPA ng buwanang Adjustment sa Kaibahan ng Singil sa Kuryente (Power Charge Indifference Adjustment) at Surcharge sa Singil sa Franchise (Franchise Fee Surcharge). Isinalang-alang ng OCPA ang mga karagdagang singil na ito sa pagkalkula ng mga rate. Tandaang competitive ang mga rate ng OCPA sa mga rate ng SCE, kahit may mga bayaring ito. Makikita ang mga rate sa [ocpower.org/residential/residential-rates](https://ocpower.org/residential/residential-rates) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-262-7693.

**Pagsingil** Makakatanggap ka ng iisang buwanang bill mula sa SCE na nagsasaad sa mga singil sa pag-generate ng kuryente ng OCPA. Mangongolekta ang SCE sa mga customer ng OCPA ng mga awtorisadong singil para sa paghahatid ng kuryente sa iyong tahanan o negosyo at pagbibigay ng iba pang serbisyo. Pareho lang ang magiging component ng iyong bill ng kuryente, sa OCPA o SCE ka man bumili ng kuryente. Pinapalitan ng singil sa pag-generate ng kuryente ng OCPA ang singil sa pag-generate ng kuryente ng SCE. Ang singil ng OCPA ay hindi duplicate na singil o karagdagang bayarin. Patuloy kang sisingilin ng SCE para sa mga serbisyo sa paghahatid ng kuryente. Kung mag-o-opt out ka sa OCPA, patuloy kang sisingilin ng SCE para sa pag-generate ng kuryente.

**Pag-enroll** Ang OCPA ang default na provider ng kuryente sa mga hurisdiksyon ng aming mga miyembrong ahensya. Sa pamamagitan nito, kinikilala mo at sumasang-ayon ka na kung mag-o-opt out ka sa OCPA at babalik ka sa serbisyo sa pag-generate ng kuryente ng SCE anumang oras pagkatapos mong mag-enroll, mapapailalim ang iyong (mga) account sa kuryente sa mga transitional na rate ng SCE batay sa mga presyo sa market ng enerhiya at iba pang tuntunin at kundisyon ng serbisyo. Maraming account sa pinagseserbisyuhang lugar ng OCPA ay awtomatikong ine-enroll sa serbisyo sa enerhiya ng Smart Choice ng OCPA, maliban na lang kung mag-o-opt out ang may-ari ng account o kung pipiliin niyang mag-sign up para sa Basic Choice o 100% Renewable Choice. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming mga miyembrong ahensya at iniaak na serbisyo, puwede kang

tumawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693) o bumisita sa [ocpower.org](https://ocpower.org).

**Mga Programang May Diskwento** Kung kasalukuyan kang naka-enroll sa programang California Alternative Rates for Energy (CARE), Family Electric Rate Assistance (FERA), Medical Baseline, o Level Pay, patuloy mong matanggap ang lahat ng benepisyo at diskwento bilang customer ng OCPA.

**Mag-Opt Out** Puwede mong hilingin mag-opt out sa OCPA anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693) o pagbisita sa [ocpower.org](https://ocpower.org). Ihanda ang impormasyon ng iyong account sa SCE para maproseso ang kahilingan mo. Walang babayaran sa pag-opt out sa OCPA. Pakitandaang kung mag-o-opt out ka at babalik ka sa SCE, hindi ka magkakaroon ng opsyong bumalik sa OCPA nang isang buong taon, at mapapailalim ka sa mga rate, tuntunin, at kundisyon ng serbisyo ng SCE. Para sa impormasyon tungkol sa mga tuntunin at kundisyon ng SCE, bumisita sa [sce.com](https://sce.com). Ililipat ang mga account sa araw ng pagbasa sa metro ng kuryente at hindi puwedeng ilipat ang mga ito sa kalagitnaan ng cycle ng pagsingil. Ililipat ang mga account sa araw ng pagbasa sa metro ng kuryente at hindi puwedeng ilipat ang mga ito sa kalagitnaan ng cycle ng pagsingil. Ang mga kahilingan sa pag-opt out na matatanggap nang hindi bababa sa 5 araw bago ang petsa ng pagbasa sa metro ng customer ay ipoproseso para sa petsa ng pagbasa sa metro ng iyon; ipoproseso ang lahat ng iba pang kahilingan sa pag-opt out sa susunod na petsa ng pagbasa sa metro. Ang mga customer na mag-o-opt out o hiinto sa pagtanggap ng serbisyo mula sa OCPA ay sisingilin para sa lahat ng nagamit na kuryente ng OCPA bago tapusin ang serbisyo sa kuryente ng OCPA.

**Hindi Pagbabayad** Posibleng ilipat ng OCPA ang iyong account sa SCE sa loob ng 60 araw ng kalendaryo nang may nakasulat na abiso kung hindi mo mababayaran ang iyong bill. Kung ibabalik ang iyong serbisyo sa SCE, kakailanganin mo pa ring bayaran ang anumang hindi pa nababayaranang singil sa panahong iyon.

**Patakaran sa Privacy ng Customer** Makikita ang patakaran sa [ocpower.org](https://ocpower.org) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693).



P.O. Box 54283  
Irvine, CA 92619-4283

# MAY PAPARATING NA MALAKING PAGBABAGO

Ikaw ang may kontrol sa iyong supply ng enerhiya.  
Nasa iyong mga kamay ang kapangyarihang pumili ng  
sustainable na kinabukasan.

**OCPower.org**